

INTERNATIONAL NAPASA (April 9th, 2024)

1) IMPORMASYON UKOL SA OPEN MARKET NA SUNSUN • MARCHE

青空市場「サンサン・マルシェ」のお知らせ

Sa April 14 (Sunday) ay magkakaroon ng open market na “**SUNSUN • MARCHE**” sa **SHONAN KAIGAN PARK** sa Takahamadai. Ang Oras ay mula 10:00 ng umaga hanggang alas 2:00 ng hapon. Makabibili ng mga handmade na accessories at masasarap na pagkain sa Kichen Car. At ang paradahan ng sasakyan dito ay libre. Para sa iba pang katanungan ay maaaring tumawag sa Telephone No. **0463-31-7211 (0463-31-7211)**.

2) SCHEDULE NG LABAN NG SHONAN BELLMARE SA LEMON GAS STADUUM

湘南ベルマレのレモンガススタジアムでの試合予定のお知らせ

Sa April 20 (Sunday) ay may schedule ng laro ang **SHONAN BELLMARE** laban sa **VISSEL KOBE**. Ang oras ng umpisa ng laban ay mula 3:00 ng hapon. Ang ticket na hindi nakareserba ang upuan kung binili ng maaga ay nagkakahalaga ng **¥ 2500** para sa matatanda at **¥ 900** naman sa mga mag-aaral ng nasa elementarya, Junior High School at High School. Kung bibilhin sa takdang araw ng laban ay may karagdagang **¥ 500**.

3) IMPORMASYON UKOL SA LIBRENG CONCERT SA HACHIMAN YAMA NO YOUKAN

八幡山の洋館のお知らせ

Sa April 17 (Wednesday) ng 11:00 ng umaga ang **FELICITA GROUP** ay magkakaroon ng **JOSEI CONCERT** sa **HACHIMANYAMA NO YOUKAN**. At mula 2:00 ng hapon ay magkakaroon ng **YOZHIE NO PIANO**. Ang entrance fee dito ay libre sa naunang dumating na hanggang 60 katao. Para sa iba pang katanungan ay makipag-ugnayan sa **HACHIMANYAMA NO YOUKAN**, Telephone No. **0463-35-71114 (0463-35-7114)**.

4) UKOL SUPORTANG PINANSIYAL PARA SA FATHER'S CHILDCARE LEAVE

育休パパ応援支援金のお知らせ

Dito sa Hiratsuka City ang mga amang nakakuha ng **CHILCARE LEAVE** ay magbibigyan ng suportang pinansiyal kung makamit ang mga kondisyon sumusunod na kondisyon:

1. Nakatala sa Resident Registry
2. Sa loob ng 8 linggo matapos ipanganak ang bata ay nakakuha ng **CHILD CARE LEAVE** ng 4 na linggo o higit pa.
3. Ipinganak ang bata ng March 4, 2024 o higit pa at nakakuha ng **CHILD CARE LEAVE** mula April 1 o higit .
4. Dumalo ng “**MOTHER FATHER CLASSROOM**” sa Hiratsuka City

Para sa mga detalyeng kondisyon ay makikita sa **Home page** ng siyudad o tumawag sa

HEALTH SECTION (KENKO KA) ng Hiratsuka City. **Telephone Number 0463-55-2111 (0463-55-2111)**.

5) UKOL SA PAGLILIMBAG NG “GUIDE BOOK PARA SA PAG-IWAS SA KALAMIDAD”

「^{ぼうさい}防災ガイドブック」の^{はつこう}発行の^しお知らせ

Ang Hiratsuka City ay naglimbag ng bagong “**DISASTERS PREVENTION GUIDEBOOK**”. Sa librong ito ay ipinapalagay kung sakaling magkaroon ng lindol at tsunami ay ipinapaliwanag ang ukol pamamaraan ng paglikas at panganib ng bawat kalamidad. At nakatala rin dito ang mga check list ng mga stocks para sa kalamidad. Makukuha ang booklet na ito sa Information Window sa 1st Floor ng Hiratsuka City Office, Citizen Service Center sa harap ng istasyon, bawat Community Center at iba pa. Para sa mga katanungan ukol sa bagay na ito ay tumawag lamang sa **DISASTERS MANAGEMENT DIVISION (SAIGAI TAISAKU KA)**. **Telephone Number 0463-21-9734 (0463-21-9734)**.